

Tanong

Paano ko matutulungan ang anak kong may autism spectrum disorder (ASD) na sumali sa sa mga telehealth na pagpapatingin?

Sagot

Ang mga telehealth na pagpapatingin ay maaaring nakakatulong na bahagi na patuloy na medikal na pag-aalaga ng anak mo. Dahil maaaring kailangan ng mga regular na pagpapatingin at therapy ng oras na wala ka sa trabaho at paaralan, ang paggamit ng video call o tawag sa telepono ay maaaring kapaki-pakinabang, kumbinyente at masayang paraan para mag-check-in mula kahit saan. Pero tandaan na tulad na maaaring mahirap para sa ilang mga bata na umupo sa tanggapan ng doktor para sa pagpapatingin, maaaring mas mahirap na upuan ang telehealth appointment at magsalita.



Ang paghahanda sa pagpapatingin bago pa man ay maaaring magpadali para sa anak mong lumahok at maging suwabe ang pagpapatingin. Makatulong ang mga payong ito:

Paghahanda sa anak mo para sa video telehealth na pagpapatingin

- Hayaang dalhin nila ang kanilang paboritong laruan, stuffed toy, linro, mga litrato, aktibidad o ibang bagay para ipakita sa kanilang doktor.
- Ipakita sa anak mo kung ano ang aasahan bago pa man. Ang pagpapatingin sa doktor sa pamamagitan ng telehealth ay bago para sa karamihan sa atin at ang pagkakaroon ng ideya tungkol sa kung ano ang mangyayari ay makakatulong.
- Sabihin sa kanila na magpapatingin sila sa kanilang doktor sa computer o screen ng telepono.
- Tukuyin na maaari nilang pag-usapan ang ipakita ang mga bahay sa doktor na parang sa personal lang.
- Subukang gamitin ang mga kasangkapan na tulad ng mga kuwento ng lipunan o mga visual na iskedyul o simple muna/pagkatapos ang mga board para matulungan ang anak mong malaman kung ano ang aasahan sa telehealth na pagpapatingin. Tanungin ang doktor mo kung mayroon sila ng mga ito o mga ibang kasangkapan.

Kung wala kang computer, smart phone o internet para sa video na pagpapatingin, ipaalam sa doktor. Malamang ay magkaroon ka ng pagpapatingin gamit ang regular na tawag sa telepono.

Ang mga telehealth na pagpapatingin ay nagpapahintulot din sa anak mong sumali sa lahat o bahagi ng pagpapatingin habang sila ay naglalaro o nagre-relax. Kausapin ang iyong pediatrician tungkol sa kung aling mga bahagi ng pagpapatingin ang gusto nilang naroon ang inyong anak at kapag ang anak mo ay maaaring mag-break. Ibahagi ang mga tip sa pediatrician tungkol sa mga paraan para makipag-usap sa anak mo na nakita mong gumana nang mabuti!

Paghahanda ng sarili mo at ng espasyo mo

- Kung posible, magsanay sa pag-log in sa programang telehealth bago ang iyong appointment para masiguro na gumagana ito. Maaaring available ang kawani sa tanggapan ng pediatrician na gawin ito kasama mo.
- Suriin muli ang kagamitan mo kasama ang camera, mikropono at internet connection para gumana ang mga ito at handa na kapag oras na para sa appointment.



- Kung ikaw o ang anak mo ay kailangan ng mga akomodasyon, tumawag sa opisina ng pediatrician para humiling ng serbisyo ng tagapagsaling-wika o tulong sa komunikasyon.
- Mag-isip nang maaga tungkol sa kung saan mo gustong makasama ang anak mo para sa appointment para kumportable kang ibahagi ang medikal na impormasyon sa doktor.
- Mangyaring maging ligtas. Huwag magmaneho sa telehealth na appointment. Kung nasa kotse ka, siguruhin na ang kotse ay nakaparada at ligtas kang makikipag-usap sa doktor.
- Ang appointment na ito ay tulad ng lahat ng mga appointment ng doktor, kaya siguruhin na dalhin ang anak mo kasama mo dahil appointment nila ito.
- Siguruhin na itala ang mga kuwento o mga halimbawa ng progreso ng anak mo para ibahagi at ihanda ang mga tanong mo.
- Kumonekta sa medikal home team ng anak mo o sa kanilang mga espesyalista. Pinakamahusay kapag ikaw at ang anak mo ay nagpapatingin sa parehong doktor sa regular na batayan na kilala ang anak mo at pamilyar sa mga pangangailangan nila.

Pagpasya Kung Ano ang Pinakamabuti para sa Iyong Anak

Ang mga regular na pagpapatingin sa doktor ay mahalaga para sa mga bata na may ASD. Pag-check in sa mahahalagang paksa tulad ng sa paaralan, mga kaibigan, progreso patungo sa mga layunin, at medikal at pag-uugaling alalahanin ay kailangang madalas magaganap. Ang mga pagbisitang ito ay nakakatulong sa iyo, sa anak mo at iyong pediatrician na magpasyang magkasama. Tumutulong silang bumuo ng nagtitiwalang pakikipagsosyo para gabayan ang anak mo patungo sa pinakamabuti nilang kalusugan.

Mahalagang kausapin ang iyong pediatrician tungkol sa paano ka at ang anak mo nais makita para sa medikal na pag-aalaga. Matutulungan ka nitong magpasya kung kailan ang tamang oras para sa personal na pagpapatingin o telehealth na pagpapatingin. Pag-usapan ang kaligtasan (COVID-19, pagala, paglayas), pangangailangan para sa pisikal na eksaminasyon, mga mahahalagang senyales, mga gastos na kaugnay ng biyahe o nalaktawang trabaho, at ibang mga indibiduwal na sirkumstansiya.

Ikaw at ang pediatrician mo ay makakapagdiwang ng mga tagumpay sa iyong mga telehealth na pagpapatingin at magkasamang magtatrabaho bilang mga kasosyo para gabayan ang anak mo sa kapwa personal at mga telehealth na pagpapatingin.

Tungkol kay Dr. Sohl

Si Kristin Sohl, MD, FAAP, ay isang miyembro ng AAP Council on Children with Disabilities Autism Subcommittee at isang miyembro ng Children and Youth with Special Health Care Needs Subcommittee para sa AAP HRSA na pinondohang proyekto, "Supporting Providers and Families to Access Telehealth and Distant Care Services for Pediatric Care." Si Dr. Sohl ay isang propesor ng pediatrics sa University of Missouri School of Medicine at ay isang pediatrician na nagpa-practice ng developmental/behavioral pediatrics. Naninilbihan siya bilang Medical Director para sa Missouri Telehealth Network at ay Founder at Executive Director ng Extension for Community Healthcare Outcomes (ECHO) Autism. Siya ang presidente ng Missouri Chapter, American Academy of Pediatrics.